

Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Silangang Mindoro
BAYAN NG ROXAS

TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG IKA-5 REGULAR NA SESYON NG SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG 08 PEBRERO 1999, IKA-9:00 NG UMAGA SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIAN.

Mga Dumalo:

Vice Mayor Gonzalo C. Siñel, Jr.	- Tagapangulo
Konsehal Jesus S. Dela Cruz	
Konsehal Cesar T. Baticos	
Konsehal Ramil O. Dimapilis	
Konsehal Juanito A. Bacay, Jr.	
Konsehal Eduardo K. Soriano	
Konsehal Juan S. Advincula	
Konsehal Angeles D. Bautista	
Konsehal Mae Arlene M. Talens	
Konsehal Eduardo G. Villamin	- ABC President

Hindi Nakadalo:

Konsehal Randy P. Valencia	- SK Chairman
----------------------------	---------------

KAPASYAHAN BLG. 010
Taong 1999

KAPASYAHANG MAPITAGANG ITINUTUKOY SA KGG. RODOLFO G. VALENCIA, GOBERNADOR NG SILANGANG MINDORO ANG KAPASYAHAN BLG. 07 TAONG 1998 NG SANGGUNIANG BARANGAY NG LIBTONG, ROXAS, SILANGANG MINDORO PARA SA PAGSESEMENTO/PAGKOKONG-KRETO NG PANLALAWIGANG KALSADA (PROVINCIAL ROADS) MULA SA TADIANGAO, KALIGTASAN, BONGABONG PATUNGO SA BARANGAY LIBTONG AT UYAO, ROXAS, SILANGANG MINDORO.

SAPAGKA'T, ang mga kalsada at daang patungo sa mga barangay (mga panlalawigang kalsada) ay lubhang napakahalaga para sa maayos, na pagsasagawa ng mga pang-araw-araw na gawain at transaksyon ng mga tao sa barangay lalo na sa paglalabas at sa pagpasok ng mga produkto at kalakal na pinagkukunan ng kabuhayan ng mga mamamayan;

SAPAGKA'T, marami pa sa mga ganitong kalsada sa mga barangay sa bayan ng Roxas ang nangangailangan ng pagsasaayos gaya ng pasesemento o pagkokongkreto upang maging pangmatagalan ang paggamit sa mga daang ito;

SAPAGKA'T, isa sa mga panlalawigang kalsadang ito ay ang mula sa panulukan ng Libtong at Tadiangao sakop ng Kaligtasan, Bongabong na patungo sa Libtong at Uyao ng bayan ng Roxas na sa matagal nang panahon ay siyang malimit daanan ng mga sasakyang pampubliko at ng iba pang malalaking sasakyang kargahan ng mga produktong iniluluwas sa Maynila at sa ibang bayan at lalawigan sa Luzon;

SAPAGKA'T, ang kasalukuyang kalagayan ng daang ito ay malimit maging sagabal sa mga sasakyan lalo na sa panahon ng tag-ulan kung saan nagpuputik at lumalaki ang mga lubak at ang antala ay malaking kawalan sa perang kikitain ng puhunan at sa pagpapagod at oras ng mga taong sangkot;

SAPAGKA'T, kapag nakongkreto ang may tatlong kilometrong daang ito, magiging malaki ang kagalingang ibabalik sa mga mamamayan sa dahilang darami ang makakapangalakal, malaki o maliit mang negosyo, makapagtatayo ng mga proyektong pangkabuhayan at iba pang sosyo-ekonomikong gawaing tungo sa pag-unlad ng pamayanan;

SAPAGKA'T, ang kahilingang ito ay buong pagkakaisang itiniutukoy ng Sangguniang Bayan ng bayang ito bilang suporta sa nadaramang pangangailangan at prayoridad ng mga residente ng partikular na barangay at ng bayang ito sa kabuuan sa Kgg. na Gobernador Rodolfo G. Valencia ng Silangang Mindoro upang mabigyan niya ng masusing pag-aaral para sa kapakanang pang-kaunlaran ng mga mamamayan at ng bayan ng Roxas, Silangang Mindoro..

DAHIL DITO, sa mungkahi ni Kagawad Jesus S. Dela Cruz na sinang-ayunan ng lahat –

IPINASYA, tulad ng pagpapasyang ito na mapitagang itukoy sa Kgg. Rodolfo G. Valencia, Gobernador ng Silangang Mindoro ang Kapasyahan Blg. 07 Taong 1998 ng Barangay Libtong, Roxas, Silangang Mindoro para sa pagsesemento/ pagkokongkreto ng panlalawigang kalsada (provincial roads) mula sa Tadiangao, Kaligtasan, Bongabong patungo sa Barangay Libtong at Uyao ng bayang ito.


IPINASYA RIN na ipadala ang sipi ng kapasyahang ito lakip ang Kapasyahan Blg. 07 taong 1998 ng Barangay Libtong sa Kgg. Gobernador Rodolfo G. Valencia, Siyudad ng Calapan na mataos na umaasa sa kanyang naaayong pagpapasya at pagsuporta sa kahilingang ito.

Pinagtibay: 08 Pebrero 1999

PINATUTUNAYANG WASTO:


VIOLETA P. FUENTES
Kalihim ng Sanggunian

PINATITIBAYAN:


GONZALO C. SIÑEL, JR.
Pangalawang Punong Bayan/
Tagapangulo

PINAGTIBAY:


JESUS M. DIMAPILIS
Punong Bayan